# Mga manggagawa sa konstruksiyon ng Qatar World Cup idinemanda and US  firm ukol sa sapilitang paggawa

Isinulat ni Daniel Wiessner
Oktubre 13, 2023 ika-2:19 ng umaga GMT+8




[1/2] Ang paglalakad ng mga manggagawa patungo sa tanggapan ng konstruksiyon ng Lusail stadium na syang itinatayo para sa nalalapit na 2020 Fifa soccer World Cup habang naglilibot sa stadium sa Doha, Qatar, noong ika-20 ng Disyembre, 2019. REUTERS/Kai Pfaffenbach/File Photo  *Acquire Licensing Rights*



[2/2] Ang pangkalahatang tanawin ng konstruksyon ng Lusail Stadium na magiging tagpuan para sa gaganaping 2022 FIFA World Cup final, na may kapasidad na 80,000 upuan, sa Lusail City, hilaga ng sentral na Doha, Qatar noong ika-19 ng Setyembre, 2018. Larawan kuha noong ika-19 ng Setyembre, 2018. Pangasiwaang Kataas-taasang Komite ng Qatar para sa Pagpapatupad at Pamana / Sa pamamagitan ng REUTERS PANSIN NG MGA PATNUGOT – ANG LARAWANG ITO AY NAGMULA SA IKATLONG PARTIDO/File Photo *Acquire Licensing Rights*

Ika-12 ng Oktubre (Reuters) - Dose-dosenang manggagawang Pilipino na syang tumulong sa pagtayo ng mga stadium sa Qatar kung saan ginanap ang 2022 FIFA World Cup ang naghain ng kaso laban sa isang kumpanyang pang-konstrusiyon sa U.S. na Jacobs Solutions Inc (J.N) noong Huwebes na siyang naglantad sakanila ukol sa mapanganib at di-makataong kalagayan.

Ang halos 40 mga nagsusumbong sa isang reklamo na inihain sa pederal na korte sa Denver, Colorado, ay nagsabi na si Jacobs at ang ilang mga sangay na namamahala sa mga proyektong konstruksyon ay pinairal ang mga manggagawa na mabuhay sa masikip, maruruming mga barracks at magtrabaho nang hanggang 72 oras nang sunud-sunod sa matinding init nang walang pagkain at tubig.

Ang mga naghain ng kaso ay nagsasabing hindi rin nakuha ang kanilang sahod, at kinuha ang kanilang mga pasaporte, dahilan para pumipigil sa kanila na makapaghanap ng bagong trabaho o bumalik sa Pilipinas.

Hindi rin agad na nakakuha ng sagot mula sa Dallas, Texas-based Jacobs patungkol sa hiling na komento mula sa kanila.

Humaharap ngayon ang bansang Qatar sa matinding pagbabatikos mula sa mga grupo para sa karapatang pantao dahil sa pagtrato nito sa mga manggagawang dayuhan, na kasama ng iba pang mga dayuhan ang bumubuo ng karamihan ng populasyon ng bansa. Lalong tumindi ang pagsusuri sa mga taon bago ang 2022 World Cup, kung saan iniulat na daan-daang manggagawa ang namatay at libu-libo ang nasaktan sa mga proyektong konstruksyon.